

223

Kawasaki City's General Contact Center serbisyong: "Salamat sa pagtawag sa Kawasaki"



総合コンタクトセンターについて

Nag-umpisa sa serbisyo ang "Salamat sa pagtawag sa Kawasaki" ng General Contact Center mula Nobyembre 2006. Maraming dahilan kung bakit itinatag ang serbisyong ito, una, upang sagutin ang bawat katanungang na-uukol sa Kawasaki, pakingggan ang opinyon ng mamamayan, makipagsangguni tungkol sa mga bagay na may kinalaman sa Kawasaki, ang pamahalaan nito, sistema ng pamamahala, iba't-ibang pamamaraan ng pangasiwaan, pasilidades, mga ibento at iba pang pangyayari. Mapapakinabangan din ang serbisyong ito sa wikang Ingles. Halimbawang hindi nila kayang sagutin ang katanungan sa mismong oras ng inyong pagtawag, maaaring paghintayin kayo ng saglit at magre-return call sa inyo.

Ang serbisyong "Salamat sa pagtawag sa Kawasaki" ay sumasagot lamang sa inyong katanungan. Ang numero ng telepono ay: 044-200-3939.

Makakamit ang serbisyong ito mula alas 8:30 am~5:00pm Lunes hanggang Biyernes, maliban sa araw ng Sabado, Linggo at pistang opisyal ng bansa at pagtatapos ng taon at bagong taon.

Maaari ding mag-Fax, email o mag-iwan ng inyong katanungan sa serbisyong ito sa numero ng fax:044-200-3900. Ang email address ay www.contact.city.kawasaki.jp

Ang iba pang mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa Kawasaki ay ang Kawasaki City Home Page. Matutunghayan sa Home Page na ito ang icon na FAQ=frequently asked questions, I-klik ito at matutunghayan ang mga topiko ukol sa mga legal procedures, national health insurance, family register information at ibpa. Sa iba pang detalye, tumawag sa Citizens Information Counter ng General Bureau:044-200-2291.

224



Pistang Musika




(子供の音楽祭典について)

Ang Pagdiriwang ng Children's Music ay gaganapin sa 22 ng Enero 2006 Linggo sa MUZA Kawasaki Symphony. Ang pagtatanghal ng Children's Music Ceremony ay naglalayong makapagbigay sa mga kabataan ng Kawasaki na nagtataglay ng kinabukasan, ng pagkakataong makapag-enjoy ng Musika at makakatulong sa paglaki nila bilang music lovers. Ang Ideyang ito ay base sa kampanyang "Music Town Kawasaki". Ang Seremonya ay nahahati sa dalawang bahagi: Ang Children's Music Contest section at ang Attraction section. Sa Children's Music Contest, may pagtatanghal ang mga mag-aaral ng elementarya sa ilalim ng temang "The Fun of Music", "Progress in Musical Ability" ng mga mag-aaral ng Junior High School at "Musical Expressions ng mga mag-aaral ng High School.

Ang isang parte ng "Attraction" ng Children's Music Ceremony ay isang natatanging pagtatanghal ng "Ang Himig ng Kawasaki" na nagwagi ng unang pabuya sa temang "Music Town, Kawasaki" na ginanap sa paligsahan ng lahat ng mag-aaral mula elementarya hanggang hayskul sa loob ng Siyudad. Kalaunan pa nito, ang march version ng "March, Ang Himig ng Kawasaki" ay tatanghalin sa unang pagkakataon ng Young Kawasaki Joyful Band. Inaanyayahan ang lahat sa pagdalo sa Children's Music Festival sa MUZA Kawasaki, makakatulong itong makagisnang ng mga kabataan ang saya ng musika.

Mabibili ang alin mang tiket sa Ticket Pia sa halagang 1000 yen. Sa iba pang detalye tumawag sa Education Committee :044-200-3243.



Parke para sa mga Aso

(ドッグラン施設整備)



Ginagawa sa kasalukuyan ang lugar na "dog-run" kung saan ang mga alagang aso ay malayang makapag-laro ng walang tali sa leeg. Ang bagong pasilidad na ito ay matatagpuan sa Higashi-Ougishima Park ng Kawasaki ward at inaasahang matatapos sa Marso ng taong 2008.

Ang proyektong ito ay gawa ng Siyudad ng Kawasaki at ng Ministry of Land, Infrastructure and Transport na maaaring ding gamiting at the same time na likasan para sa oras ng kalamidad. Ito ay unang pagkakataon na magkaroon ng pampublikong establimento para sa mga aso dito sa loob ng Siyudad ng Kawasaki. Dahil sa di maiwasang pagdami ng mamamayang may mga alagang aso, matagal nang pinangarap at di nawalan ng pag-asa ang mga mamamayang ito na iparating sa pamahalaan ang kanilang tinig sa kabila ng mahigpit na pagsalungat ng ibang gumagamit ng parke, mga mamamayan sa paligid at iba pang kondisyon upang mapagawa ang dog-run na ito. Ang Higashi Ougishima Park ay nasa tabing dagat ng Kawasaki, Ito ay may lawak na 16 hektarya na mapapakinabangan para sa camping, sports at iba pang aktibidades.

Isang bahagi ng parkeng ito ay ginagamit bilang relay base ng emergency supplies ng Tokyo sa panahon ng malaking kalamidad at nakahanda itong lugar para sa hintayan ng mga aso, maging ang lugar ng inuman ng tubig bagama't gagamitin itong dog-run sa panahong walang kalamidad. Magkakaroon ng bakod ang lugar na may 1,800 square meters. Magagamit ito ng sinuman ng walang bayad at bubuksan sa buwan ng Abril 2008. Para sa iba pang nais malamang detalye tumawag sa Bayside Bureau:044-200-3061.

Libreng Konsulta tungkol sa Visa

Ang mga Gyoseishoshi Lawyers ay magbibigay ng libreng konsultasyon serbisyo sa mga dayuhan

◆ Nilalaman ng konsultasyon:

Problema sa bisa, Pagpapa-extend, Pagpapapalit ng status, Naturalisasyon, Permanenteng bisa, Long-term resident, Certificate of eligibility, International marriage/divorce, Special permit of residence mula sa Minister of Justice, pagpapatayo ng sariling kompanya/sangay ng kompanya sa ibang bansa, pagkuha ng lisensya pang-business atbp.

A. Kailan: Unang Sabado ng bawat buwan mula 2:00 hanggang 4:00 ng hapon

Lugar: Kanagawa Volunteer Support Center

2-24-2 Tsuruya-cho, Kanagawa ward, Yokohama-shi

B. Kailan: Pangatlong Linggo ng bawat buwan mula 2:00 hanggang 4:00 ng hapon

Lugar: Kawasaki International Center

2-2 Kizuki Gioncho Nakahara ward Kawasaki-shi

iskedyul sa 2006 taon: 15 ng Enero (Linggo) 19 ng Pebrero (Linggo) 19 ng Marso (Linggo)

Salin-wika: Ogura Noemi

★ Silid—Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

■ Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Wikang Kastila: Martes at Huwebes

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

■ Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~ 16:00 ng hapon

Issued by The Kawasaki International Association

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 211-0033 Kawasaki International Center

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kian@bremen.or.jp HP URL:http://www.bremen.or.jp/kian/